JOAQUIN TORRES
ASSESSOR-RECORDER

SAN FRANCISCO
OFFICE OF THE ASSESSOR-RECORDER

## NOTIFICATION OF 2024-2025 ASSESSED VALUE

Hulyo 13, 2024

THIS IS NOT A TAX BILL
ANNUAL NOTICE ONLY

* « BLOCK_LOT » _NAV2 024*

SAMPLE

Sa Nagmamay-ari ng Lupa sa San Francisco:

Sumusulat ako sa inyo tungkol sa **inasesong halaga ng inyong ari-arian sa petsang Enero 1, 2024**. Ang Neto ng Inasesong Halaga ang batayan ng inyong 2024-2025 property tax bill na ipapadala sa inyo sa mail bago mag Nobyembre 1.

| KINAROROONAN NG PROPERTY |
|---|
| |
| **BLOKE at LOTE** |
| |

| | | |
|---|---|---|
| A | 2024-2025 Factored Base Year Value (Proposition 13) | |
| B | 2024-2025 Na Nabuwisang Halaga (Proposisyon 8) | |
| D | 2024-2025 Personal Property/Fixtures (+) | |
| E | 2024-2025 Eksempsiyon sa (-) | |
| F | **2024-2025 Neto ng Inasesong Halaga para sa** | |

**Paunawa ng Homeowner's Exemption**

Kung kayo ay may-ari at okupado ninyo ang inyong property bilang inyong pangunahing tirahan, maaaring karapat dapat kayo para sa isang homeowner's exemption. Pinapayagan kayo ng isang Homeowner's Exemption lamang sa Estado ng California. Kung kayo ay nararapat sa isang Homeowner's Exemption at wala kayong nakikitang nakalistang halaga ng exemption sa exemption box sa kaliwa, mangyaring bisitahin ang aming website para makakuha ng pormularyo ng Homeowner's Exemption.

Sinuri ng Assessor-Recorder ang iyong ari-arian batay sa isa sa mga sumusunod na dahilan: (1) nakatanggap ka ng pansamantalang pagbawas noong 2023, (2) humiling ka ng impormal na pagsusuri ng iyong tinasang halaga para sa 2024-2025, o (3) iyong ari-arian ay pro-aktibong sinuri ng Assessor-Recorder. Isinasaad ng aming pagsusuri na ang halaga ng iyong ari-arian ay hindi bumaba sa ibaba ng naka-factor na halaga ng batayang taon tulad ng ipinapakita sa linyang "A" sa itaas. Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasyang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Assessment Appeals Board sa pamamagitan ng kanilang website sa www.sfgov.org/aab para maghain ng pormal na apela sa buwis sa ari-arian mula Hulyo 2, 2024 hanggang Setyembre 16, 2024.

Nakalakip ang **Mga Madalas na Katanungan**. Kung mayroon pa kayong karagdagang katanungan, mangyaring kontakin kami sa pamamagitan ng bagong one-stop telephone 311 Customer Service Center ng City at County ng San Francisco, sa pamamagitan ng **pag-dial sa 3-1-1** (sa loob ng 415 area code ng San Francisco) o **pagtawag sa 415-701-2311** (sa labas ng San Francisco).

Sumasainyo,

Joaquin Torres
Assessor-Recorder

**Translations of this notice are available:**

Esta carta y formulario está disponible en español.*www.sfassessor.org/forms-spanish*

此信件和申報表的內容有中文版本。*www.sfassessor.org/forms-chinese*

Ang sulat at form na ito ay available sa Filipino. *www.sfassessor.org/forms-tagalog*

## FREQUENTLY ASKED QUESTIONS (FAQs)

**Q1. Paano ang determinasyon ng aking assessed value?**

Noong 1978, ang Panukala 13 ay pumasa sa California na namamahala ng estado batas sa buwis ng ari-arian. Sa pangkalahatan, sa ilalim ng batas na ito, ang isang base year value ay naka-set na kapag bumili ka ng iyong ari-arian o makumpleto ang bagong construction. Ang halagang ito ay ang panimulang punto na ginagamit upang kalkulahin ang iyong patuloy na taunang pagtatasa.

Pagkatapos na ang base year value ay naka-set, ito ay adjusted taun-taon para sa implasyon, na may taunang pagtaas ngunit limitado sa hindi hihigit sa 2% (Halimbawa, inflation factor ay 2% para sa FY 2024-25). Itong adjusted na halaga ay kilala bilang “factored base year value”.Tandaan, base year value ay maaari ring i-adjust kapag mayroong:

- Pagbenta o paglipat ng mamay-ari; o
- Bagong construction (kabilang ang remodel, additions, at iba pa

Karaniwan, ang factored base year value, minus karapat-dapat na exemptions, ay ang netong tinasang halaga na ginagamit upang kalkulahin ang iyong mga buwis sa ari-arian.

**Q2. Bakit ang tinasang halaga ay hindi kapareho sa aking presyo ng pagbili o ang idinagdag na halaga ng aking mga bagong konstruksiyon?**

Ang isang karaniwang dahilan ay maaaring ang iyong tinasang halaga para sa kasalukuyang cycle ay hindi na-update upang makita ang mga pagbabago. Matapos naming naproseso ang inyong kaso at gumawa ng mga pagbabago sa aming mga rekord, kabilang ang pag-update ng pagtatasa, kami ay mag i-issue ng isang Abiso ng Supplemental at / o Escape Assessment. Ang liham na ito ay para abisuhan ka ng mga pagkakaiba sa pagitan ng dating halaga at market value ng iyong bagong construction. Ikaw ay makakatanggap ng isang kaukulang tax bill mula sa Office of the Treasurer & Tax Collector (isang hiwalay na opisina) upang masakop na pagkakaiba sa halaga.

Tandaan: Mangyaring bayaran ang buwis na sinisingil ng Office of the Treasurer & Tax Collector upang hindi magtamo ng penalty. Tandaang magtabi ng pondo upang magbayad para sa anumang pagtaas sa mga buwis na hindi pa makikita sa mga talaan.

**Q4. Paano kalkulahin ang buwis ng aking mga ari-arian?**

Ang iyong netong tinasang halaga ay hindi ang halaga ng utang ninyo sa mga buwis sa ari-arian. Ang iyong mga buwis sa ari-arian ay karaniwang kinakalkula sa pamamagitan ng paglalaan ng netong tinasang halaga na minultiplika sa taunang tax rate. Tingnan ang formula sa ibaba:

| Halagang Tinasa | x | Rate Ng Buwis | = | Babayarang Buwis |
|---|---|---|---|---|

…ng tax rate para … taong ito ay hindi pa itinatatag ng Boar… Supervisors. Ngunit maaari mong tantiyahin ang inyong taxes sa pamamagitan ng pag multiplika ng iyong net tasahin halaga gamit ang tax rate ng nakaraang taon na 1.1776%.

*Halimbawa, kung ang netong tinasang halaga ay $700,000, ang iyong buwis ay humigit-kumulang $8,243.20.*

| $700,000 | x | 0.011776 | = | $8,243.20 |
|---|---|---|---|---|

Mangyaring tandaan, sa halagang ito maaaring pang may mga karagdagang espesyal na pagtatasa / fees / liens na kasama sa iyong tax bill.

**Q5. Ano ang Homeowner Exemption? Maaari bang mabawasan ang aking tax bill?**

Kung pagmamay-ari mo ay iyong pangunahing paninirahan, maaari kang mabigyan ng Homeowner Exemption.

Ang Homeowner Exemption ay $7,000 na binabawas mula sa iyong tinasang halaga, hindi mula sa buwis ng iyong ari-arian. Gamit ang mga halimbawa sa itaas, kung kwalipikado ka para sa exemption, ang iyong tinatayang halaga ay nabawasan sa $693,000 ($700,000 - $7,000) at ang dapat mong matitipid ay $82.43.

| ($700,000 - $7,000) | x | 0.011776 | = | $8,160.77 |
|---|---|---|---|---|

Kung ikaw ay karapat-dapat at wala kayong nakikitang nakalistang halaga ng exemption sa front page, paki-download ang Exemption Claim form mula sa aming website (www.sfassessor.org).

SAMPLE

**Q3. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng Office of the Assessor-Recorder at ang Office of the Treasurer & Tax-Collector?**

Ang Office of the Assessor-Recorder ay responsable para sa pagtukoy ng tinasang halaga ng iyong ari-arian.

Ang Office of the Treasurer & Tax Collector, isang hiwalay na organisasyon, at responsable sa pag mail ng inyong tax bills, pagkolekta ng mga pagbabayad, nag-aaplay ng penalty at taga issue ng refunds.

**Q6. Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa aking tinasang halaga?**

Maaari kang magsampa ng isang pormal na apela sa Assessment Appeals Board, isang malayang board na hinirang ng Board of Supervisors, simula Hulyo 2, 2024 at may deadline ng Setyembre 16, 2024.

Impormasyon ukol sa Application ay maaaring makuha mula sa Klerk ng Assessment Appeals Board, City Hall - Room 405, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, San Francisco, CA 94102 o sa pamamagitan ng pagbisita www.sfgov.org/aab.

SAMPLE